Republic of the Philippines
MUNICIPALITY OF SANTA ROSA
Province of Laguna

-150-

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

IPINASISIYA, tulad ng dito'y ginagawang PAGPAPASIYA at ngayon nga ay IPINASIYA ang pagtitibay ng pagwawalang bisa sa Kapasiyahan Blg. 6-'92 at Kautusang Barangay Blg. 01-'92 ng Barangay Aplaya.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

***********

KAUTUSANG BAYAN BLG. L-A-'92
(Sa mungkahi ni Kag. Bustamante na pinangalawahan ni Kag. Catindig)

ANG KAUTUSANG BAYAN

na nagtitibay ng mahigpit na pagpapatupad sa Batas Pambansa 825, na nagsasaad ng pagbabawal ng pagtatapon ng basura sa anumang lugal tulad ng ilog, lawa, dagat, daan, kalye at alinmang lupang pag-aari ng pamahalaan.

IPINASIYA din ipatupad ang multang itinalga ng BP 825 na nagsasaad ng multang ₱2,000.00 o ang katumbas na pagkapiit sa bilangguan.

IPINASIYA din na padalhan ng sipi ang Himpilan ng Pulisya para sa pagpapatupad.

BUONG PAGKAKAISANG PINAGTIBAY.

Pinagtibay:

ROBERTO R. GONZALES
Punong-bayan

**************

Hinggil naman sa Kapasiyahan Blg. 08-'92 ng nabanggit ding Barangay Aplaya ay pinagpasiyahan din ng kapulungan na iliwat sa Punong-bayan upang sagutin ang mga katanungang nakapaloob. Gayunpaman ay ipinaliwanag ni Kag. Almodovar na ang pagawa ng pinapaksa ng kapasiyahan ay isang pagawaing pambayan at ang pamahalaang bayan ang siyang nararapat na mamahala tulad din ng kung pagawain ay panlalawigan ay pinamamahalaan ito ni Punong-

ANTONIO B. DICTADO
Pangalawang Punong-bayan

ERIC T. PUZON
Kagawad

JOSE B. CATINDIG, Jr.
Kagawad

ARTURO M. TIONGCO
Kagawad

URBANO J. DIA
Kagawad

RESTITUTO C. ALMODOVAR
Kagawad

GIOVANNI T. BUSTAMANTE
Kagawad

RUFINO P. TAPANGCO
Kagawad